# Araling Panlipunan 9

## Activity Sheet

## Quarter 2- MELC 3 – Week 5

# Interaksyon ng Demand at Supply



REGION VI – WESTERN VISAYAS

ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

Pag-aari ng Pamahalaan

HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 9**
**Learning Activty Sheet 5**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Araling Panlipunan 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Margarette Joy B. Rio

**Tagasuri:** Jancen L. Dence, Elnor Mae M. Barasbaras, Meah A. Bajande
Melissa L. Prudente, Alicia A. Olid

**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica

**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia A. Olid

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana , PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Mr. Donald T. Genine
Mary Hazel Vivien P. Pineda, PhD

**MABUHAY!**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Araling Panlipunan na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Learning Activity Sheets (Quarter 2 - Week 5)**

**Pangalan ng Mag-aaral**: ______________________________________________

**Grado at Seksiyon**: ______________________________ **Petsa:** ______________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA ARALING PANLIPUNAN 9 – EKONOMIKS**

**INTERAKSIYON NG DEMAND AT SUPPLY**

## I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Naipapaliwanag ang interaksyon ng demand at suplay sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan. (Week 5)

## II. Panimula

Noong nakaraang aralin ay tinalakay natin ang kahulugan at kahalagahan ng demand at supply sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sa araling ito, pagsasamahin natin ang dalawang konseptong ito. Makikita mo ang interaksiyon ng demand at supply bilang isang mahalagang salik sa pagtugon ng pangangailangan tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.

### Ang Ekwilibriyo sa Pamilihan

Ayon kay Nicholas Gregory Mankiw (2012) sa kaniyang aklat na Essentials of Economics, kapag nagaganap ang ekwilibriyo ay nagtatamo ang kasiyahan ng parehong konsyumer at prodyuser. Ang konsyumer ay nabibili ang kanilang nais at ang mga prodyuser naman ay nakapagbebenta ng kanilang mga produkto.


***Ekwilibriyo-*** isang kalagayan sa pamilihan na ang dami ng handa at kayang bilhing produkto o serbisyo ng mga konsumer (Qd) at ang handa at kayang ipagbiling produkto at serbisyo ng mga prodyuser (Qs) ay pareho ayon sa presyong kanilang pinagkasunduan.

***Paano matutukoy kung may ekwilibriyong nagaganap sa pamilihan?***

Tandaan na nagkakaroon lamang ng ekwilibriyo sa pamilihan kung balanse ang parehong dami ng supply at dami ng demand at nagaganap ito sa isang takdang presyo. Kapag alinman sa dalawang panig ang naging mas malaki o mas maliit ang bilang, hindi sa ito nagiging balanse at nagkakaroon ng disekwilibriyo.

May tatlong pamamaraan ng pagpapakita ng ekwilibriyo sa ugnayan ng presyo, quantity supplied at quantity demanded:

## 1. Demand Curve at Supply Curve




**A.** Ang *demand curve* ay nagpapakita ng *quantity demanded* sa magkakaibang presyo. Mapapansin ding pababa ang slope.

**B.** Ang *supply curve* ay nagpapakita ng *quantity supplied* sa magkakaibang presyo. Mapapansin na pataas ang slope nito.

**C.** Ito ang *punto ng ekwilibriyo* sa pamilihan kung saan ang *quantity demanded* at *quantity supplied* ay pantay.

Makikita natin rito na nagkaroon ng ekwilibriyo sa punto kung saan nagkasundo ang prodyuser (Qs) at konsyumer (Qd) sa presyong Php 3 *(ekwilibriyong presyo)* at sa dami ng produkto na 30 *(ekwilibriyong dami).*

***Ekwilibriyong presyo-*** tawag sa pinagkasunduang presyo ng konsyumer at prodyuser.

***Ekwilibriyong dami-*** tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto o serbisyo.

***Ekwilibriyo sa pamilihan-*** tumutukoy sa punto kung saan ang quantity demanded at quantity supplied ay pantay o balanse.

## 2. Market Schedule

| Quantity Demanded (Qd) | Presyo (P) | Quantity Supplied (Qs) |
|---|---|---|
| 10 | 5 | 50 |
| 20 | 4 | 40 |
| 30 | 3 | 30 |
| 40 | 2 | 20 |
| 50 | 1 | 10 |
| 60 | 0 | 0 |

**A.** Sa presyong tatlong piso, ang quantity supplied at quantity demanded ay pantay. (Qd=Qs) Ibig sabihin ay nagkaroon ng *ekwilibriyo* sa presyong ito.

**B.** Sa presyong mas mataas sa tatlong piso, mas maliit ang quantity demanded kaysa sa quantity supplied. (Qd<Qs) ibig sabihin ay nagkakaroon ng *surplus o kalabisan.*

**C.** Sa presyong mas mababa sa tatlong piso, mas malaki ang quantity demanded kaysa sa quantity supplied. (Qd>Qs) ibig sabihin ay nagkakaroon ng *shortage o kakulangan.*

Ang mga presyong mas mataas o mas mababa pa kaysa sa Php 3 kung saan pantay ang quantity supplied at quantity demanded ay nagdudulot ng disekwilibriyo.

***Disekwilibriyo-*** ay tumutukoy sa anumang sitwasyon o kalagayan na hindi pareho ang quantity demanded at quantity supplied sa isang takdang presyo.

***Dalawang uri ng disekwilibriyo:**

1. ***Shortage (Kakulangan)* –** nangyayari kapag hindi sapat ang supply upang matugunan ang demand. Kulang ang mga produkto at serbisyong nalikha ng prodyuser upang matugunan ang pangangailangan at kagustuhan ng mga mamimili.
2. ***Surplus (Kalabisan)* –** nangyayari kapag mas malaki ang supply sa demand. Sobra ang produkto at serbisyong nalikha ng prodyuser para sa pangangailangan at kagustuhan ng mga mamimili.

**3. Demand at Supply Function**

Sa pamamagitan ng mathematical equation na ito ay maaari rin nating makuha ang ekwilibriyo. Una munang alamin ang halaga o presyo (P) gamit ang demand at supply function. Pagkatapos ay ihalili ang value ng P sa demand at supply function. Ang mga makukuhang sagot ang siyang tumutugon sa ekwilibriyong dami nito.

| **Qd = 60 – 10P** | **Qs = 0 + 10P** | |
|---|---|---|
| Qs = Qd<br>0 + 10P = 60 – 10P<br>10P + 10P = 60 – 0<br>20P = 60<br>20 = 20<br>P = 3 | Qd = 60 – 10P<br>= 60 – 10(3)<br>= 60 – 30<br>= 30 | Qs = 0 + 10P<br>= 0 + 10(3)<br>= 0 + 30<br>= 30 |
| **Ekwilibriyong Presyo (P*) = 3** | **Ekwilibriyong Dami (Q*) = 30** | |

Ang kompyutasyon na nasa talahanayan sa ibaba ay nagpapakita kung papaano makukuha ang ekwilibriyong presyo at quantity.

## III. Mga Sanggunian

Ekonomiks-Araling Panlipunan-Modyul para sa Mag-aaral-Unang Edisyon 2015 pahina 159-165

## IV. Mga Gawain

**1. Mga Panuto**

Basahing mabuti ang Learning Activity Sheet mula pahina 1 hanggang pahina 3 upang masagutan ang mga sumusunod na gawain.

## 2. Pagsasanay/Aktibidad

**Gawain 1: SUBUKIN NATIN!**

**A.** Buuin ang talahanayan sa ibaba gamit ang demand at supply functions.

| | **Qd = 150 - P** | **Qs = -60 + 2P** |
|---|---|---|
| **Presyo (P)** | **Dami ng Demand (Qd)** | **Dami ng Supply (Qs)** |
| **40** | **110** | |
| **55** | | |
| | **80** | |
| | **65** | **110** |
| **100** | | |

**B.** Gamitin ang nagawang iskedyul (talahanayan) sa Gawain 1A upang makalikha ng graph na nagpapakita ng interkasiyon ng demand at supply.

**Gawain 2: LABIS? KULANG? o SAKTO?**

Suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Tukuyin kung ang sumusunod na pangungusap ay nagsasaad ng *surplus, shortage o ekwilibriyo.*

1. Kailangan ni Chiello ng isang dosenang rosas para sa kaarawan ng kaniyang ina ngunit siyam na rosas lamang ang natitira sa flower shop.
2. Nagkasundo ang prodyuser at konsyumer sa halagang Php50 at sa dami na 30.
3. May 100 sako ng palay si Isko ngunit 70 sako lamang ang handing bilhin ng bumibili nito.
4. May 36 na panindang payong si Berlin. Dahil sa biglaang pagbuhos ng ulan, naubos lahat ang kaniyang paninda.
5. Napanis lamang ang mga nilutong ulam ni Aling Nery dahil sa suspensiyon ng klase kaninang umaga.
6. Naubos kaagad ni Mang Kiko ang knaiyang paninda nang bilhin lahat ng mga turista ang mga ito.
7. Sa sobrang init ng panahon, naging matumal ang benta ng lugaw ni Jocelyn.
8. Isandaang kilo ang supply ng sibuyas sa merkado at isandaang kilo rin ang demand para rito.
9. May 50 lapis ang kailangan ng mga mag-aaral sa paaralang Elementarya ng San Roque ngunit 30 lamang ang natitirang supply ng Rose School Supplies.
10. Biniling lahat ni Vento rang mga tindang biko ni Clara.

3. **Batayang Tanong**
   Paano nagkakaroon ng gampanin ang presyo upang magkaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan?

## V. Repleksiyon

Bilang mag-aaral, mahalaga ba para sa iyo ang paksang-araling ito? Bakit?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
___________________________________.

## VI. Susi sa Pagwawasto

Gawain 1

| P | Qd | Qs |
|---|---|---|
| 40 | 110 | 20 |
| 55 | 95 | 50 |
| 70 | 80 | 80 |
| 85 | 65 | 110 |
| 100 | 50 | 140 |

Gawain 2

1. Shortage
2. Ekwilibriyo
3. Surplus
4. Ekwilibriyo
5. Surplus
6. Ekwilibriyo
7. Surplus
8. Ekwilibriyo
9. Shortage
10. Ekwilibriyo